



Ang Tinig Ng Katotohanan

Jelyn M. Magno

Biliran Province State University, Biliran, 6566, Philippines

Corresponding email: magnojelyn143@gmail.com

Sa panahon ngayon, ang katotohanan ay hindi na basta-basta nakikita o naririnig. Sa bawat scroll sa social media, may nabubuong ilusyon; sa bawat pag-click, may bagong balitang kailangang suriin. Hindi na lamang ito usapin ng impormasyon, kundi ng pagkakakilanlan, pananampalataya, at katotohanan. Sa Pilipinas, kung saan malakas ang impluwensiya ng digital platforms, unti-unting nawawala ang linaw sa pagitan ng totoo at gawa-gawa. Umaabot ito hindi lang sa pulitika, kundi pati sa edukasyon, kalusugan, at paniniwala ng mamamayan.

Ayon Kay Chavez et al. (2024), ang pag-usbong ng artificial intelligence (AI) ay tila dalawang talim ng isang matalim na espada may benepisyo, ngunit may panganib. Sa isang banda, nakatutulong ito sa pagpapabilis ng trabaho at komunikasyon; sa kabilang banda, ito rin ang dahilan ng paglaganap ng tinatawag na “deepfakes,” bots, at mga artipisyal na content na walang pagkakaugat sa realidad (Campoverde-Quezada et al., 2024). Lalo pa itong pinalala ng social media algorithms na mas pinipiling ipakita ang mga viral content kahit hindi ito totoo. Kaya’t sa halip na impormasyon, disimpormasyon ang bumabaha.

Sa pagdami ng AI-generated fake news, lalong nahihirapan ang mga tao kung saan at kanino maniniwala. Ang content ay mabilis, makatawag-pansin, ngunit kadalasang hiwalay sa realidad. Sa gitna ng kalituhang ito, tumitindig ang wikang Filipino at katutubong wika bilang tinig ng katotohanan, wika na may ugat sa karanasan ng tao, hindi sa artipisyal na nilikha. Sa sariling wika, mas madaling makilala, mapagnilayan, at mapanindigan ang totoo.

Sa gitna ng kaguluhang ito, muling lumilitaw ang kahalagahan ng wika hindi bilang simpleng paraan ng komunikasyon, kundi bilang tinig ng katotohanan. Ang wikang Filipino at iba pang katutubong wika sa bansa ay nagsisilbing tagapagsalita ng masa (Abdurasul et al., 2025), lalo na ng mga sektor na madalas ay hindi nabibigyang boses: ang mga katutubo, magsasaka, manggagawa, kababaihan, at kabataan. Kapag sinabi ang katotohanan sa sariling wika, ito ay may ibang dating, mas matapang, mas totoo, at mas damang-dama (Lamorinas et al., 2025).

Ayon kay Peña (2024), ang wika ay hindi lamang neutral na kasangkapan; ito ay may kapangyarihang humubog ng pananaw. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang kamalayan ng tao at naipapasa ang karanasan mula henerasyon hanggang henerasyon. Subalit sa isang panahong halos lahat ay kinokopya at pinapalitan, nagiging hamon ang pananatili sa totoo. Kaya’t ang paggamit ng wika lalo na sa midya, edukasyon, at politika ay dapat may pananagutan.

Isa rin sa mga pinakamalalaking problema sa Pilipinas ay ang kakulangan ng literasiyang digital. Maraming Pilipino ang madaling maniwala sa kung ano ang una nilang makita o marinig, lalo na kung ito ay naka-presenta gamit ang wikang madaling maunawaan (Rodriguez, 2017). Kaya’t mas lalong kailangang paigtingin ang kritikal na pag-iisip at responsableng paggamit ng wika sa pagpapahayag ng impormasyon.





Hindi sapat na marunong tayong magsalita; dapat ay marunong tayong tumindig para sa tama at totoo.

Sa huli, sa gitna ng malawakang disimpormasyon, ang tunay na kalaban ay hindi lamang ang kasinungalingan kundi ang pananahimik ng nakakaalam ng totoo. Kaya't habang lalong umiingay ang mundo ng fake news, dapat mas lumakas ang tinig ng katotohanan ang tinig ng wikang hindi kinopya ng makina, kundi ibinuga ng damdamin at karanasang tunay. Ang wikang Filipino at mga katutubong wika ay hindi lamang salamin ng ating pagkakakilanlan, kundi armas natin sa digmaan laban sa kasinungalingan. At sa panahong ito, ang manahimik ay tila pakikipagsabwatan na rin sa peke. Sa bawat salita, sa bawat pahayag, piliin natin ang maging tinig ng katotohanan.

Talasanggunian

- Abdurasul, R.T., Samilo, P.J.E., Cabiles, N.V.A., et al., 2025. Preservation Habits towards Sustainable Use of the Filipino Language. *Forum for Linguistic Studies*. 7(5): 358–372. DOI: <https://doi.org/10.30564/fls.v7i5.8573>
- Campoverde-Quezada, Diana & Valdiviezo-Ramírez, Esteban. (2024). The Double-Edged Sword: Benefits and Challenges that Artificial Intelligence Tools can Bring to EFL Teaching and Learning La espada de doble filo: beneficios y desafíos que las herramientas de inteligencia artificial pueden traer a la enseñanza y aprendizaje del inglés como lengua extranjera. *Revista Metropolitana de Ciencias Aplicadas*. 7. 304-316. 10.62452/y9pfb437.
- Chavez, J.V., Cuilan, J.T., Mannan, S.S., et al., 2024. Discourse Analysis on the Ethical Dilemmas on the Use of AI in Academic Settings from ICT, Science, and Language Instructors. *Forum for Linguistic Studies*. 6(5): 349–363. DOI: <https://doi.org/10.30564/fls.v6i5.6765>
- Lamorinas, D.D., Luna, L.A., Lai, M.N.D., et al., 2025. A General Perspective on the Factors Influencing the Low Preferences of Gen Z College Students towards the Filipino Language. *Forum for Linguistic Studies*. 7(3): 451–466. DOI: <https://doi.org/10.30564/fls.v7i3.8482>
- Peña, Romeo. (2014). Wikang Filipino: Hininga, Kapangyarihan at Puwersa. *Filipinolohiya: Journal sa Filipino ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*. 1. 11-22.
- Rodriguez, Raphael. (2017). E, di Ikaw na ang Matalino! Isang Pagsusuri sa Penomenon ng Smart-Shaming sa mga Pilipinong Gumagamit ng Facebook.

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000005; Natanggap: Hulyo 24, 2025; Tinanggap: Hulyo 27, 2025; Nailathala: Hulyo 29, 2025

SIPI:

Magno, Jelyn M. (2025). *Ang Tinig Ng Katotohanan*. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI:

KARAPATANG-AUTOR

© 2025 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

